Tagalog

# Huwag nang maghintay Magpabakuna na

# Iwasan ang trangkaso



Centre for Health Protection

2125 2125

www.chp.gov.hk

Department of Health

## Ano ang pana-panahong trangkaso?

Ang pana-panahong trangkaso ay isang matinding karamdaman ng daanan ng paghinga na dulot ng birus ng trangkaso. Ang mga birus ng trangkaso ay pangunahing kumakalat sa pamamagitan ng mga patak ng laway mula sa paghinga. Ang pana-panahong trangkaso ay karaniwang may mga sintomas tulad ng lagnat, masakit na lalamunan, ubo, sipon, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, at pangkalahatang pagkapagod. Ang mga sintomas ay karaniwang gumagaling nang kusa. Gayunpaman, ang pana-panahong trangkaso ay maaaring magdulot ng malubhang sakit sa mga matatanda at mga taong may mahinang resistensya, at maaaring humantong sa bronchitis, pulmonya, encephalopathy, o maging ng kamatayan. Maaaring magkaroon din ng malubhang impeksyon at komplikasyon na kaugnay ng trangkaso kahit sa mga malulusog na indibidwal.



## Paano maiwasan ang pana-panahong trangkaso?

Upang maiwasan ang pana-panahong trangkaso, ang mga indibidwal ay dapat maagang magpabakuna laban sa trangkaso (SIV) at panatilihin ang mabuting personal at pangkapaligirang kalinisan.



## Bakit mahalagang magpabakuna laban sa pana-panahong trangkaso (SIV)?

Ang bakuna laban sa pana-panahong trangkaso SIV ay isa sa mabisang paraan upang maiwasan ang trangkaso at ang mga komplikasyon nito, kasama ang pagpapababa ng bilang ng mga nauospital at namamatay dahil sa trangkaso.

## Kailangan bang magpabakuna laban sa pana-panahong trangkaso bawat taon?

Oo. Ang mga kumakalat na uri ng birus ng transkaso ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon at ang komposisyon ng bakuna ay binabago bawat taon ayon sa mga umiiral na uri ng birus upang mapahusay ang proteksyon. Bukod dito, ipinakita ng mga pag-aaral na ang pagpapabakuna laban sa trangkaso sa kasalukuyang panahon at noong nakaraang panahon ay nagbibigay ng mas mahusay na proteksyon kumpara sa hindi pagpapabakuna o pagpapabakuna lamang noong nakaraang panahon. Kaya't inirerekomendang magpabakuna laban sa SIV taun-taon.

# Sino ang dapat magpabakuna laban sa pana-panahong trangkaso (SIV)?


Dahil ang bakuna laban sa pana-panahong trangkaso ay nagbibigay ng proteksyon laban sa klinikal na trangkaso at ang malubhang kaso ay maaaring mangyari kahit sa malulusog na indibidwal, **lahat ng tao na may edad na 6 na buwan pataas**, maliban sa mga may kilalang kontraindikasyon, ay dapat magpabakuna SIV taun-taon para sa pansariling proteksyon.

Bukod dito, may ilang grupo na may mas mataas na panganib ng pagkakaroon ng malubhang trangkaso o pagkakalat ng birus ng trangkaso sa mga taong may mataas na panganib. Ang mga grupong ito ay dapat unahin sa pagtanggap ng bakuna laban sa trangkaso SIV.


**Ang mga grupong prayoridad na inirerekomenda ng Komite ng Agham sa mga Sakit na Maaaring Maiwasan sa Pamamagitan ng Bakuna (SCVPD):**



Mga Manggagawang Pangkalusugan



Mga Taong may Edad 50 Taon o Higit Pa



Mga Buntis



Mga Residente ng Mga Tahanan ng Pangangalaga



Mga Taong may Matagalang Kondisyon Medikal



Mga Bata at Kabataan na may Edad 6 na Buwan hanggang wala pang 18 Taon



Mga Manggagawa sa Manukan



Mga Nag-aalaga ng Baboy at mga Tauhan sa Industriya ng Pagkatay ng Baboy

# 疫苗接種計劃
# Vaccination Schemes

## *Mga Kaayusan ng Pagbabakuna para sa mga Residente ng Hong Kong*

Ipinatutupad ng Pamahalaan ang Programa ng Pagbabakuna ng Pamahalaan (GVP) at Iskema ng Subsidyo sa Bakuna (VSS) upang magbigay ng libre o may subsidiyang SIV sa mga karapat-dapat na residente ng Hong Kong. Para sa mga detalye, mangyaring bisitahin ang pahina ng 'Mga Iskema ng Pagbabakuna' ng Sentro para sa Proteksyon sa Kalusugan, Kagawaran ng Kalusugan.



**Mga bata at kabataan**



**Mga Buntis**



**Mga Taong May Edad 50 Taon o Higit pa**

**Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring kumonsulta sa kanilang mga pampamilyang doktor upang makatanggap ng SIV para sa pansariling proteksyon.**

Para sa mga detalye at iba pang libre o may subsidiyang kaayusan na SIV, mangyaring bisitahin ang website ng Sentro para sa Proteksyon sa Kalusugan (www.chp.gov.hk) o tumawag sa 2125 2125 para sa mga katanungan.

**Maaari ring sabay na ibigay ang bakuna sa trangkaso at bakuna laban sa COVID-19 sa parehong pagbisita sa ilalim ng nakabatay sa kaalaman na pahintulot. Ang pagtanggap ng bakuna laban sa trangkaso at bakuna laban sa COVID-19 ay maaaring magpababa ng posibilidad ng pagka-ospital at tagal ng pananatili.**

Kagawaran ng Kalusugan
Inilathala noong 2024

Kung may anumang hindi pagkakatugma o kalabuan sa pagitan ng bersyon sa Ingles at anumang isinaling bersyon, ang bersyon sa Ingles ang mananaig.

# Alamin ang higit pa tungkol sa mga bakuna laban sa trangkaso

Ang **hindi aktibong bakuna laban sa trangkaso**, **live-attenuated na bakuna laban sa trangkaso**, at **recombinant na bakuna laban sa trangkaso** ay lahat mga epektibong bakuna laban sa trangkaso Inirerekomenda ang mga ito para sa paggamit sa Hong Kong ng SCVPD.

| | **Hindi Aktibong** Bakuna Laban sa Trangkaso (IIV) | **Live-attenuated** na Bakuna Laban sa Trangkaso (LAIV) | **Recombinant** na Bakuna Laban sa Trangkaso (RIV) |
|---|---|---|---|
| **Inirerekumendang Edad** | 6 buwan o sa higit pa | 2 hanggang 49 na taong gulang | 18 taong gulang o higit pa |
| **Paraan ng Pagbibigay** | Iniksyon sa kalamnan (iniksyon sa ilalim ng balat sa ilang mga kaso) | Sa loob ng ilong | Iniksyon sa kalamnan |
| **Komposisyon** | ● Naglalaman ng hindi aktibo (patay) na mga birus ng trangkaso | ● Naglalaman ng pinahina na mga birus ng trangkaso | ● Nagawa gamit ang teknolohiyang henetiko at hindi nangangailangan ng itlog o birus ng trangkaso sa proseso ng paggawa |
| **Iskedyul ng Dosis** | ● Pagkatapos ng pagbabakuna, tumatagal ng humigit-kumulang dalawang linggo para bumuo ng mga antibody at makakuha ng proteksyon laban sa birus ng trangkaso.<br>● Makatanggap ng isang beses bawat panahon upang magkaroon ng proteksyon para sa parehong taglamig at tag-init na mga panahon ng trangkaso.<br>● Mga Taong may edad 9 taon o higit pa: Isang dosis<br>● Mga batang mas bata sa 9 na taon:<br>○ Isang dosis sa panahong ito para sa mga taong nakatanggap na ng bakuna laban sa pana-panahong trangkaso.<br>○ Dalawang dosis na may pagitan ng hindi bababa sa 28 araw para sa mga hindi pa nakatanggap ng bakuna laban sa pana-panahong trangkaso. | | |
| **Sabay na Pagbibigay Kasama ng Ibang Bakuna*** | ● Ang iba pang hindi aktibo o aktibong bakuna ay maaaring ibigay sa parehong araw o sa anumang pagitan.<br>● Kung ibinibigay sa parehong araw, ang iniksyon ay dapat sa iba't ibang lugar. | ● Ang iba pang aktibong bakuna na hindi ibinibigay sa parehong araw ay dapat ibigay na may pagitan ng hindi bababa sa 28 araw.<br>● Ang iba pang hindi aktibong bakuna ay maaaring ibigay sa parehong araw o sa anumang pagitan. | ● Ang iba pang hindi aktibo o aktibong bakuna ay maaaring ibigay sa parehong araw o sa anumang pagitan.<br>● Kung ibinibigay sa parehong araw, ang iniksyon ay dapat sa magkaibang lugar. |
| | *Ang bakuna laban sa COVID-19 at bakuna laban sa pana-panahong trangkaso ay maaaring ibigay sa parehong pagbisita sa ilalim ng nakabatay sa kaalaman na pahintulot. | | |
| **Mga Taong may Alerhiya sa Itlog** | ● Karaniwang ligtas na makatanggap ng pagbabakuna<br>● Hindi malalang alerhiya: Maaaring magpabakuna sa mga pangunahing pasilidad ng pangangalaga.<br>● Malubhang alerhiya: Dapat mabakunahan ng mga propesyonal sa kalusugan sa mga angkop na pasilidad medikal na may kakayahang kilalanin at pamahalaan ang malubhang reaksyon sa alerhiya. | | ● Karaniwang ligtas na makatanggap ng pagbabakuna dahil hindi ito naglalaman ng protina ng itlog. |
| **Mga Kontraindikasyon (mga sitwasyon na hindi angkop para sa SIV)**** | ● Kasaysayan ng malubhang reaksyon sa allergy sa alinman sa mga bahagi ng bakuna o pagkatapos ng nakaraang dosis ng anumang bakuna laban sa trangkaso.<br>● Ang mga may mga karamdaman sa pagdurugo o umiinom ng anticoagulants ay dapat kumonsulta sa kanilang mga doktor para sa payo. | ● Kasaysayan ng malubhang reaksyon sa allergy sa alinman sa mga bahagi ng bakuna o pagkatapos ng nakaraang dosis ng anumang bakuna laban sa trangkaso.<br>● Kasabay na pag-inom ng aspirin o mga gamot na naglalaman ng salicylate sa mga bata at kabataan<br>● Mga bata na may edad 2 hanggang 4 na taon na may hika o may kasaysayan ng paghingal sa nakaraang 12 buwan<br>● Mga taong mahina ang resistensya sa anumang kadahilanan<br>● Malalapit na kontak at tagapag-alaga ng mga taong may malubhang immunosuppression na nangangailangan ng protektadong kapaligiran<br>● Pagbubuntis<br>● Pagtanggap ng gamot na antiviral laban sa trangkaso sa loob ng nakaraang 48 oras | ● Kasaysayan ng malubhang reaksyon sa allergy sa alinman sa mga bahagi ng bakuna o pagkatapos ng nakaraang dosis ng anumang bakuna laban sa trangkaso.<br>● Ang mga may mga karamdaman sa pagdurugo o umiinom ng anticoagulants ay dapat kumonsulta sa kanilang mga doktor para sa payo. |
| | **Ang mga indibidwal na may lagnat ay dapat ipagpaliban ang pagbabakuna hanggang sa gumaling. | | |
| **Posibleng Epekto ***** | ● Mga lokal na reaksyon:<br>○ Pananakit<br>○ Pamumula at pamamaga<br>● Iba pang mga sintomas:<br>○ Lagnat<br>○ Panginginig<br>○ Pagod<br>○ Sakit ng kalamnan | ● Pagkakaroon ng barado o tumutulong ilong<br>● Lagnat<br>● Masakit na lalamunan<br>● Tumaas na panganib ng paghingal (mga bata na wala pang limang taong gulang na may paulit-ulit na paghingal o mga taong anumang edad na may hika) | ● Mga lokal na reaksyon:<br>○ Pananakit<br>○ Pamumula at pamamaga<br>● Iba pang mga sintomas:<br>○ Lagnat<br>○ Panginginig<br>○ Pagod<br>○ Sakit ng kalamnan |
| | ***Ang mga epekto ng SIV ay karaniwang hindi malala at pansamantala. Kung nakakaranas ka ng patuloy na lagnat, malubhang reaksyon sa allergy (hal. hirap sa paghinga, pamamaga ng labi o dila, pangangati, atbp.) o iba pang masamang pangyayari pagkatapos tumanggap ng SIV, mangyaring kumonsulta agad sa doktor. | | |

**Ang impormasyong ito ay para lamang sa sanggunian. Dapat kumonsulta ang mga miyembro ng publiko sa kanilang mga pampamilyang dokto bago tumanggap ng bakuna laban sa trangkaso.**